**ARALIN 3** **Reaksyon sa Kolonyalismo**

**PANIMULA**

Ayon sa mga mananaliksik ng kasaysayan ng ating bansa, tumutol ang marami sa ating mga ninuno sa pananakop ng mga Espanyol. Malaking hirap, pagmamalupit at pang-aabuso ang dinanas ng mga Pilipino noon kaya nag-alsa sila. Mahigit sa 100 pag-aalsa ang isinagawa nila sa loob ng 333 taong pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas.

Magkakaiba ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa mahabang panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Ang kanilang naging kilos bilang tugon sa pagtrato sa kanila ng mga dayuhan ayon sa kanilang personal na motibo o pansariling naisin sa buhay.

Sa araling ito inaasahang:

1. Masusuri ang mga naunang pag—aalsa ng mga makabayang Pilipino
2. Matatalakay ang sanhi at bunga ng mga rebelyon at iba pang reaksyon ng mga Pilipino sa kolonyalismo (halimbawa : pagtutol ng mga katutubong Pilipino laban sa Kristyanismo , pagmamalabis ng mga Espanyol)

**ALAMIN MO**

Sino-sino ang mga Pilipinnong nag-alsa laban sa mga Espanyol?

Saang mga lugar sa Pilipinas nagkaroon ng pag-aalsa?

Anu-ano ang mga dahilan ng pag-aalsa ng mga katutubo laban sa mga Espanyol?



This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/

## Mga Pag-aalsa ng mga Pilipino Laban sa mga Espanyol




## Mga Dahilan ng Pag-aalsa ng mga Katutubo Laban sa mga Espanyol

| Mga Dahilan ng Rebelyon ng mga Pilipino |
|---|
| 1. Pagbawi sa nawalang kalayaan |
| 2. Pang-aabuso at masamang gawain ng mga pinunong Espanyol |
| 3. Pangangamkam ng mga lupain ng mga pinunong Espanyol |
| 4. Sapilitang paggawa |
| 5. Kahigpitan sa relihiyon |
| 6. Paniningil ng labis na buwis |

## Paglunsad ng mga Rebelyon



**Rajah Sulayman**


**Diego Silang**


**Magat Salamat**



**Francisco Dagohoy**



**Tamblot**


**Hermano Pule**

Larawan ng ilan sa mga namuno sa rebelyon

This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/

Ang pag-aalsa o paggamit ng armas ay unang naging pagtugon ng mga Pilipino sa pagtrato sa kanila ng mga Espanyol. Tulad ng ginawa ni Lapu-lapu noong 1521, ipinasiya ng ibang Pilipino na tapatan ng dahas ang hindi maayos na pagtrato sa kanila ng mga Espanyol.

Magkakaiba ang mga dahilang nagbunsod sa mga Pilipino sa kanilang paglulunsad ng rebelyon. Pag-aralan ang tsart sa ibaba.

| Nag-alsa | Lugar | Taon | Dahilan |
|---|---|---|---|
| 1. Lakandula at Sulayman | Maynila | 1564 | Di-pagtupad ng mga Espanyol sa kanilang pangakong hindi sila magbabayad ng buwis |
| 2. Tamblot | Bohol | 1621 | Nais niyang bumalik sa dating pananampalataya |
| 3. Bancao | Leyte | 1622 | Nais niyang itakwil ang Kristyanismo |
| 4. Sumuroy | Samar | 1649-1650 | Tutol sa polo o sapilitang paggawa |
| 5. Andres Malong | Pangasinan | 1660-1661 | Tutol sa polo o sapilitang paggawa |
| 6. Tapar | Panay | 1663 | Hinadlangan ni Fr. Francisco de Mesa ang pagtatag niya ng isang relihiyong hango sa Kristiyanismo na naging dahilan ng pagkakapatay niya sa pari. |
| 7. Francisco Dagohoy | Bohol | 1744 | Tumanggi ang mga paring Heswitang bigyan nang Kristiyanong libing ang kanyang kapatid na isang kawani dahil namatay ito sa duwelo. |
| 8. Diego Silang | Ilocos | 1762 | Labis na pagbabayad ng buwis |
| 9. Gabriela Silang | Ilocos | 1763 | Ipinagpatuloy ang pag-aalsa ng asawa niyang si Diego Silang |
| 10. Apolinario dela Cruz (Hermano Pule) | Tayabas (Quezon) | 1840 | Tinanggihan siyang magpari dahil hindi siya Espanyol |
| 11. Magalat | Cagayan | 1596 | Pagtutol sa pagpataw ng buwis ng mga Espanyol |
| 12. Mga Gaddang | Cagayan | 1621 | Pagtutol sa pagpataw ng buwis at sapilitang pagtatrabaho na ipinatutupad ng mga Espanyol |

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/

| | | | |
|---|---|---|---|
| 13. Francisco Maniago | Pampanga | 1660 | Pang-aabuso ng mga opisyales ng Espanyol sa mga Pilipino gaya ng di pagbabayad sa pagtatrabaho sa pagputol ng mga puno. |

**Resulta ng Rebelyon**

Pawang bigo ang mga inilunsad na rebelyon sanhi ng iba't-ibang kadahilanan. Unang dahilan ang kawalan ng pagkakaisa. Wala pa sa kamalayan noon ng mga Pilipino na silang lahat ay nagmula sa iisang lahi lamang, kaya nararapat magtulungan. Magkakaiba ang kanilang diyalekto, kaya hindi nila maunawaan ang isa't-isa. Naging madali para sa mga Espanyol na gamitin ang taktikang "divide and rule" Upang supilin ang pag-aalsa sa isang lalawigan, hindi na kailangan ang mga puwersang Espanyol mula sa Maynila. Nakakukuha sila ng tulong sa ibang karatig na pook. Nang ilunsad ni Tamblot ng Bohol ang kanyang pag-aalsa,300 mandirigmang Cebuano ang nakuha ng mga Espanyol para tumulong sa kanila.



Pangalawang dahilan ng pagkabigo ng mga rebelyon ay ang kakulangan nila sa armas. Kadalasan ang gamit lamang ng mga nag-aklas ay itak, sibat, at pana na walang kalaban-laban sa kanyon at baril ng mga kalaban.

Pangatlong dahilan ay ang kawalan nila ng maayos na estratehiya at pagpaplano. Ang mga pag-aaklas ay agad na inilulunsad nang walang isinasagawang mahusay na pagpaplano. Ang ilan sa kanilang mga lider ay wala ring mahusay na pagsasanay sa paghawak ng aramas

Pang-apat na dahilan ay ang pagiging maliliit ng kanilang grupo. May mga pag-aalsa na isinasagawa sa pansariling dahilan, kaya binuo lamang ng maliit na bilang ng mga mandirigma. Naging madali para sa mga Espanyol ang pagsupil sa kanila.

**Mga Bunga ng Pag-aalsa ng mga Pilipino**

Nabigo ang lahat ng pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol. Nabigo sila dahil kulang sila sa pagkakaisa at kulang ang kakayahan ng mga lider na namuno sa mga pagbabangon.Marami sa kanila ang walang maayos na plano at kulang sa mga armas. Nagpangkat-pangkat sila at nahati sa iba't-ibang tribo.

Pumanig sa mga Espanyol angg karamihan sa mga Pilipino noon. Naging sunud-sunuran din sila saa mga kagustuhan ng mgga ito. Naging mas matapat pa sila sa mga Espanyol ang pagkakawatak-watak ng mga katutubo. Ginamit ng mga Espanyol ang mga

This study resource was shared via CourseHero.com
This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/

Pilipino sa pakikipaglaban sa kapwa nila Pilipino. Dahil sa likas na kaugalian ng mga Pilipino na mapagtimpi at matiisin, sila ay nanatiling alipin ng mga dayuhan sa mahabang panahon.

Sagutin:

1. Sino-sino ang mga Pilipinong nag-alsa laban sa mga Espanyol?
2. Bakit naghimagsik ang mga Pilipino laban sa mga Espanyol?
3. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa kahigpitan ng mga Espanyol sa relihiyon at pananampalataya ng mga Pilipino?



**GAWIN MO**

**Gawain A**

Tukuyin kung alin sa mga pares na sitwasyon ang dahilan at ang bunga. Isulat ang **D** kung dahilan at **B** kung bunga.

1. __________ Ginamit ang taktikang “divide and rule” ng mga Espanyol sa pagsupil sa mga pag-aalsa.
   __________ Maraming Pilipino ang kinukuha sa mga karatig-lugar upang maging bahagi ng puwersang Espanyol.
2. __________ Itak, sibat at pana ang ginamit sa mga pag-aalsa.

   _________ Madaling nasupil ang mga pag-aalsang inilunsad.

3. _________ Kawalan ng maayos na maayos na estratehiya

   _________ Hindi naging matagumpay ang kanilang rebelyon.

4. _________Dahil sa kawalan ng pagkakaisa
   _________ Bigo ang mga inilunsad na rebelyon.
5. _________ May mga pag-aalsa na isinasagawa para sa pansariling dahilan
   ________ Binubuo lang ng maliit na bilang ng mandirigma.

**Gawain B**

Piliin mula sa kahon ang bayaning tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa inyong notbuk.

| | | |
|---|---|---|
| Hermano Pule | Francisco Dagohoy | Tapar |
| Gabriela Silang | Tamblot | |

This study source was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/

______________________1. Asawa ni Diego Silang na namuno rin sa pag-aalsa sa Ilocos.

______________________2. Tinanggihan siyang magpari dahil hindi siya Espanyol.

______________________3. Tumanggi ang mga paring Heswitang bigyan nang Kristiyanong libing ang kanyang kapatid na isang kawani dahil namatay ito sa duwelo.

______________________4. Nais niyang bumalik sa dating pananampalataya.

______________________ 5. Hinadlangan ni Fr. Francisco de Mesa ang pagtatag niya ng Isang relihiyong hango sa Kristiyanismo na naging dahilan ng pagkakapatay niya sa pari.

**Gawain C**

Paano tayo makapagpapahayag ng damdamin o makahingi ng pagbabago sa pamahalaan nang hindi nag-aalsa?



**Tandaan Natin**

Nagpahayag pag-aalsa ang matinding galit ang mga Pilipino laban sa pananakop ng Espanyol. Nagsagawa sila ng mahigit na 100 pag-aalsa o rebelyon laban sa mga ito. Ilan sa mga dahilan ng pag-aalsa ng mga katutubo laban sa mga Espanyol ay ang mga sumusunod:

- Pagbawi sa nawalang kalayaan
- Pang-aabuso at masamang gawain ng mga pinunong Espanyol
- Pangangamkam ng mga lupain ng mga pinunong Espanyol
- Sapilitang Paggawa
- Kahigpitan sa Relihiyon
- Paniningil ng labis-labis naa buwis



This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nag-alsa nang hindi binigyan ng pagkakataon na maging pari?

   A. Tamblot

   B. Dagohoy

   C. Bangkaw

   D. Hermano Pule

2. Anu-ano ang naging dahilan ng pag-aalsa nina Lakandula, Diego Silang at Dagohoy?

   1. Pananakit
   2. Tributo
   3. Sapilitang Paggawa
   4. Relihiyon

   a. 1, 2
   b. 2, 3
   c. 1, 3
   d. 1,4

3. Alin sa sumusunod ang mga dahilan ng pagkakabigo ng mga isinagawang pag-aalsa sa Pilipinas?

   1. Kakulangan ng Armas
   2. Kakulangan ng Pagkakaisa
   3. Kakulangan ng Edukasyon
   4. Kakulangan ng Pagpapalano

   a. 1, 2, 3
   b. 2, 3, 4
   c. 1, 3, 4
   d. 1, 2, 4

4. Ano ang resulta ng pag-aalsa nina Malong at Tapar?
   A. Sila ay nagtagumpay
   B. Sila ay nabihag at ipinapatay
   C. Sila ay nagtago sa kabundukan
   D. Siya ay pinugutan ng ulo.

5. Bakit nabigo ang pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa mga mananakop?
   A. Wala silang pagkakaisa
   B. Wala silang sapat na dahilan
   C. Wala silang armas
   D. Wala silang pinuno

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822488471 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:08:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/20765249/Reaksyon-sa-Kolonyalismo-LEARNERS-MATERIAL-GRADE-5-cora/